

PROLOGUE

“Sir! Sir?” Tinapik ni Martha sa balikat ang lalaking nakasubsob ang ulo sa lamesa. “Sir, close na po kami.”

Umangat ang ulo ng lalaki at tiningnan siya habang pupungas-pungas pa. “What did you say?”

“Sarado na po kami, sir. I’m afraid you have to leave na po,” sagot niya sa mahinahong tono.

“Leave? First, my girlfriend left me... and now, you’re asking me to leave?”

Emo si sir? komento ni Martha sa isip.

“Sir, close na po kasi ’tong bar. Mag-aayos na po kami.”

“I still want to drink. You can charge me the earth, I don’t care. I’ll rent the place. Just let me stay and give me more drinks.”

“Sir, mapipilitan na po akong tumawag ng bouncer.”

“You’re not going to do that.”

“Pigilan mo ako, Luna. Papatulan ko na ’to,” gigil na bulong niya sa lumapit na kasama. “Kasalanan

mo 'to, eh. Sabi ko sa 'yo tawagin mo na lang si Kuya Johnny.”

“Excuse me,” sabat ng lalaki.

Napatingin silang dalawa rito.

“I told you I’m gonna rent the place,” namumungay ang mga mata sa kalasingan na sabi nito.

“Lasing ka na, sir. Habang maayos pa ang usapan natin, please leave or we’ll call our bouncer.”

“I’m not leaving.” Isinubsob nitong muli ang ulo sa lamesa.

Sa sobrang inis ay pinuntahan na ni Martha ang pinakamalaking bouncer. “Kuya Johnny.”

“Ano’ng meron at nanghahaba ’yang nguso mo?” tanong nito.

“Ayaw lumabas n’ung isang customer, eh, sarado na tayo.”

“Hindi kinaya ng powers mo?”

Umiling siya at itinuro niya kung saan naroon ang lalaki. “Babalik na ako sa liquor counter para mag-ayos.”

“Naayos ko na po,” sabat ni Lucas, ang bartender.

“Tinapos ko na habang nang-aaway ka ng customer.”

“Isabay mo na ’to pauwi, Luna. Kami na’ng bahala dito,” tawag ng bouncer sa babae.

“Halika na nga, Tata, bago ka pa mag-beast mode,” ani Luna nang makalapit.

Hindi pa rin siya sumabay kay Luna at sa halip ay nagtungo sa maliit niyang opisina at nag-imbentaryo. Nag-balance din siya ng accounts.

Nang makaramdam ng pagod ay saka lang lumabas si Martha para umuwi. Pagdating sa parking lot, nakarinig siya ng tunog ng humihikbi at natagpuan niya ang taong gumagawa niyon malapit sa kanyang kotse.

Nakasalampak ito sa sementadong kalsada habang ang likod ay nakasandal sa pinto ng sasakyan.

“Teka, ikaw ’yung lalaki sa bar kanina, di ba?” She crouched down in front of the man and tried to wake him up. “Sir!” Tinapik-tapik niya ang mukha nito.

Umungol ang nakapikit na lalaki. “Lila,” hikbi nito.

Martha rolled her eyes. “Iniwan siguro ’to ng jowa niya.” Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa

kanya para tuyuin ang luhaang mga pisngi nito gamit ang panyo niya. “Guwapo ka naman, ’yung tipong nagpapaiyak at nang-iiwan, hindi iyang ganyang iniiwan ng babae. Haay.” She sighed.

He sniffed.

“Inaway pa kita. Sorry.” Kinuha niya ang phone. “Tekang lang, tatawagan ko si Kuya guard para puntahan ka dito at ikuha ng taxi. Dapat ganon ang ginawa nila kanina, ano ba ’yan. Makulit ka kasi siguro kaya dito ka nila dinala.”

She was about to stand when the man held her arm and hugged her.

“Stay,” bulong nito. “Please stay.”

Itinulak niya ito palayo. Naiinis siya sa sarili dahil kanina pa dapat niya ginawa iyon.

He was looking into her eyes. “I’m sorry. I just badly needed that hug.” Pinilit nitong tumayo at muntik pang matumba.

“Kaya mo ba?” Nakatayo na rin siya sa harapan nito.

He chuckled. “I may look like a stupid mess, but I can manage. Salamat.” He shook his head.

Napaismid si Martha, para namang mawawala ang kalasingan nito dahil doon.

“Mabuti pa, dito ka na lang sa kotse ko sumakay. Ihahatid na kita.”

“And you are?” He gave her a questioning look.

“Please lang, ha. It’s not like I’m going to kidnap you. Hindi ko nga alam kung bakit nag-aabala pa ako.”

“Can we use my car? I’ll be more comfortable that way sakaling masuka ako. I’ll just book a cab for you.”

“Whatever. Let’s just go. Give me your keys.”

Pero mukhang pagkaupo pa lang nito sa passenger seat ay nakatulog na ito. Napailing si Martha. “Yan tayo, eh. Paano ko ngayon malalaman kung saan ka nakatira, eh, tinulugan mo na ’ko?” Siya na ang nagkabit ng seatbelt nito.

At dahil pagod na rin siya, nagpasya si Martha na iuwi na lang ang lalaki sa condo unit niya.

1

Napaungol si Matthew sa sakit ng ulo habang dahan-dahang minumulat ang mga mata. Nasilaw siya sa sinag ng araw na nagmumula sa bintana ng silid. Napakunot-noo siya nang mapansing hindi pamilyar sa kanya ang lugar. Tiningnan niya ang sarili. He was still wearing the same clothes from last night except for his jacket. It was on a chair beside the bed.

He checked his wristwatch. Suot niya pa rin iyon gayong lagi niya iyong hinuhubad bago matulog. Napakibot din siya nang maramdaman ang wallet niya sa kanyang back pocket. Ngayon lang yata siya natulog nang hindi nagpapalit ng damit..

Grimacing because of the bad headache he's feeling, he forced himself to get up and step out of the room.

Paglabas ay bumungad sa kanya ang isang babaeng abala sa paghahain.

Nag-angat ito ng tingin nang maramdamang hindi na ito nag-iisa sa kusina. “Uy! Gising ka na. Buti na lang nakaluto na ’ko ng breakfast. Gumawa rin ako ng hangover soup.” Ngumiti ito sa kanya.

“Who are you?” nakakunot ang noong tanong ni Matthew. Nawala ang ngiti ng babae. “Why am I here?”

“You were drunk last night. Nakita kitang umiiyak sa gilid ng kotse mo. You gave me your keys, remember?” Umismid ito. “Umupo ka na. At huwag ka nang maglalasing ulit. Namimigay ka ng kotse sa strangers pag lasing.”

“Where are my car keys?”

“Nandiyan sa console table sa sala.”

“I’m leaving.”

“Kumain ka muna.”

“Look, *miss*, I don’t know who you are and how I got here. I have a bad headache and—”

“That should give you a lesson.” She smirked. “Tingin mo masama akong tao at pag-iinteresan ko ang anuman sa ’yo?”

Realizing the situation, Matthew felt guilty. “That’s not... that’s not what I mean.” Nag-iwas siya ng tingin.

“Okay lang.” Naglakad ang babae at nilampasan siya. Dinampot nito ang susi sa ibabaw ng isang lamesa.

Sinundan niya ito ng tingin at saka niya nakita ang unan at sapin na nakalatag sa sofa. Doon marahil ito natulog para maipagamit sa kanya ang nag-iisang kuwarto sa unit na iyon.

She extended her arm, giving him his keys.

“T-thank you,” napapahiyang sagot niya.

Nagkibit lang ito. “Your car’s in the basement parking.”

He didn’t say anything else. Lumabas na si Matthew ng bahay nito. Habang nasa daan ay naisip niya kung gaano kabastos at kawalang-utang-na-loob ang ginawa niya. Pinapasok siya nito kahit hindi siya nito kilala. Nagmagandang-loob ito at ganoon ang isinukli niya. Hindi niya alam kung bakit parang nagagalit siya na tila hindi nag-iingat ang babae. Why, he could be a serial killer! Lagi ba itong nagpapapasok ng di-kilalang lalaki sa bahay nito?

At higit sa lahat, nagagalit siya dahil ipinahiya niya ang sarili rito.

Why would I cry over a stupid breakup? kastigo ni Matthew sa sarili.

He focused on the road. Sino ba ang estrangherang iyon para gustuhin niyang murahin ang sarili?

“Luna, wala ako sa mood makipagbiruan. Alam mo namang masama pa rin ang loob ko dahil nawala ’yung bracelet ko,” sagot ni Martha sa kaibigang nag-aaya na mag-shopping sila kinabukasan.

“Iyon nga ang good news ko. May nakakita ng bracelet mo. Nasa opisina mo. Puntahan mo na.”

Mukha ng lalaking tinulungan niya ang bumungad sa kanya pagpasok ng maliit na opisina.

“Ikaw?” dismayadong bati niya sa lalaking tumayo mula sa inuupuang sofa.

Ngumiti ito sa kanya. “Sorry. Pasensya ka na kung di man lang ako nakapagpasalamat nang maayos kahapon. I’m really grumpy when I have a hangover.” May kinuha ito sa bulsa. “Nga pala, nahulog mo ’ata ’to sa kotse ko.”

Napatingin si Martha sa palad nito at agad nangingning ang mga mata. “Salamat,” mahinang sabi niya. “Have a seat.”

Sabay silang naupo, ito sa sofa, at siya sa single couch sa gilid niyon.

“Mukhang importante sa ’yo ’yan,” sabi nito ng maiabot ang bracelet.

“Sobra. Regalo kasi ’to sakin ng nanay-nanayan ko,” sagot ni Martha habang abalang ikinakabit sa kanyang kanang pupulsuhan ang bracelet.

“Let me help you,” alok ni Matthew nang makitang nahihirapan ito. “Am I forgiven?” tanong nito pagkatapos.

“Forgiven? Saan?”

“For being rude. For not saying thank you sincerely.”

She smiled. “Since nag-effort kang dalhin ’tong bracelet ko dito, quits na tayo.”

Nakahinga nang maluwa ang binata. “My conscience was killing me since I left your house. I should have drunk that hangover soup,” Iyon yatang huli ang pinagsisihan ng lalaki.

Natawa siya. “Thank you uli sa pagbabalik ng bracelet ko. I need to go back to my job.”

“Pinapaalis mo na ’ko? Customer din ako.”

Umiling siya. “Naku, ayoko nang mag-alaga ng iyaking customer.”

“That’s mean!” angal ng lalaki.

“Iyakin ka naman talaga. Grabe kaya ’yung iyak

mo d'un sa parking lot."

"P'wede bang secret na lang natin 'yung pagiging iyakin ko?" He massaged his nape and grinned.

Napahalakhak si Martha sa request nito. "Sige na nga," nakangiting sabi niya pagkuwan.

"I'm really sorry about last time. Sorry, if I've offended you or hurt you in any way."

"Wala na 'yun."

"I think my apology is not enough. How about dinner? My treat. Your say. Where and when?"

"Hindi naman kailangan."

"Nope. I insist."

Mapilit ka, ha. Tingnan natin kung kaya ng Inglesero mong powers ang dinner na hinihingi mo.

"Sa rest day ko na lang."

"When's your soonest rest day?"

"Bukas."

"All right. Where should I pick you up?"

"Dito na lang tayo magkita sa bar."

"By the way, we haven't introduced ourselves to

each other yet.”

“Oo nga, 'no?” She extended her arm for a handshake. “Martha. My name's Martha Aguilar. Puwede mo din akong tawaging Tata.”

Ginagap ng lalaki ang palad niya. “Neil Matthew Salazar.”

“Nice meeting you, Neil.”

“Most of my friends call me Matthew, but Neil's fine.”

Tumango siya. “Sige na. Papasok na 'ko sa loob. Thank you uli dito sa bracelet ko, ha.”

“You're welcome.” Sabay na silang lumabas ng opisina.

Inihatid niya ito palabas.

“May I have your number.”

Nagulat man ay agad nakabawi si Martha. “Phone mo?” Ibinukas niya ang palad. “Isi-save ko number ko.”

He got his phone out of his pocket and gave it to her.

Nang mailagay roon ang kanyang number ay agad niyang binalik iyon kay Matthew. “Maiwan na kita.”

2

“With that smile, mukhang dapat akong kabahan,” sabi ni Matthew nang tumanggi siyang sabihin kung saan sila magdi-dinner.

“Hindi, ah. Maganda ang pupuntahan nating lugar. Promise.”

“If you say so. I hope it’s okay if we use my car,” he said.

“Mas masarap mag-commute. For sure hindi mo pa nae-experience ’yun.”

“Bakit commute? I mean, mas madali kung may sariling sasakyan.”

“Takot ka mag-commute?” hamon niya.

“Siyempre hindi.”

“Eh, di walang problema.”

“You sure are something,” he muttered.

Nauna na siyang maglakad habang palihim na napapangiti sa reaksyon nito. Tinungo nila ang sakayan ng jeep at nag-abang. Nang makasakay na sila, kukuha sana ng pera si Matthew, pero pinigilan

ito ni Martha.

“Ako na.”

“No. Ako ang magbabayad.”

“Bakit? May barya ka ba?”

“Barya?”

“Matthew, nueve lang ang pamasahe natin,” mahinang sabi niya rito para hindi sila makaagaw ng atensyon ng ibang kasabay nila sa jeep.

“I know.”

“Talaga?”

Ngumiti ito sa kanya. “I listen to the news, lady.”

“Akala ko kasi hindi mo alam. Pasuyo nga po ng bayad.” Napangiti siya dahil naisahan niya ito.

“I told you, ako ang magbabayad,” pakikipagtalo nito.

“Sorry.” She grinned at him.

“Saan ba tayo pupunta?”

“Sa Cubao.”

“Tapos?”

“*Banchetto.*”

“Ah! The one outside *Araneta Center.*”

She nodded. “Siguro puro fine dining ang kinakainan mo.”

“Hindi naman.”

“Sige nga, ano’ng pinaka-normal na nakainan mo?”

“Bakit? Hindi ba normal ang fine dining?”

Ngumiwi siya. “Isipin mo. Isi-serve nila sa ’yo ang isang plate na ang laman, eh, parang hindi pa aabot sa lalamunan mo ’tapos magkano na ’yun? One thousand? Two thousand?”

“But that’s because they use the finest ingredients.”

“No. That’s because you’re also paying for the place and the presentation.”

“Alam mo naman pala. You must admit, the ambiance is different.”

Nagkibit-balikat siya. “I have nothing against posh restaurants or people that prefer to eat there. Gusto ko lang talagang isama ka sa tingin ko eh magiging adventure para sa ’yo.”

Natawa ito. “I’m not a child. You don’t have to

go out of your way to amuse me.”

“Hah! Yeah, you’re not a child. You’re a baby,”
biro niya. “Crybaby.”

He chuckled. “That’s harsh.”

“I know.” Tumingin siya sa labas ng jeep. “Dito na tayo.” Ikiniling niya ang ulo para tawagin ang atensyon ng driver. “Para na po.”

“Sasakay tayo ng *MRT*?” tanong ni Matthew nang naglalakad na sila.

“Ma-traffic nga kasi. Baba tayo ng *Cubao Station*, ’tapos lalakaran lang natin nang konti. Puwede rin tayong maglibot-libot.” Napatingin siya sa lalaki nang tila matahimik ito. “First time mo *ulet*?”

Tumango si Matthew.

“Dami mong na-experience na first ngayon, ah.”

“Yeah, thanks to you.”

She shrugged.

Puno na ang tren nang makasakay sila. Idagdag pa na sa panlalaking bagon sila napasakay dahil ayaw iwan ni Martha si Matthew mag-isa.

Nang makitang nababalya at natatabig na

si Martha ng ibang sakay, agad siyang iginiya ni Matthew sa isang sulok at inilagay ang mga braso nito sa magkabilang gilid niya. It was as if he was protecting her.

“How do you stand traveling by train? You could get hurt with all the shoving and pushing. It’s uncivilized.” Ibinulong lang nito iyon malapit sa tainga niya.

Neil Matthew Salazar may sound like a *snob*, but Martha had to admit that he had a point. Parang hindi talaga alam ng ibang commuters na nakakasakit na sila. Alam ng iba, pero walang pakialam, makasakay lang hindi bale nang may masiko, maapakan o maipit. Hindi niya alam kung puwede bang sisihin ang mga taong biktima ng traffic, walang pang-taxi at ayaw maipit sa daan.

“Sanayan lang. Kung magaling ka nga sa ninja moves, makakaupo ka pa minsan. Mas grabe pag na-experience mo d’un sa mga babae. D’un meron pang cases na naghihigitan ng buhok.”

“I can just imagine.”

Natawa na lang siya sa expression ng binata. “Dalawang stations lang naman bababa na tayo.”

“That’s a relief, I guess.” Ngumiti ito sa kanya.

May mangilan-ngilan ang nagse-set up ng kanilang mga paninda, ang iba ay abala na sa pagbebenta.

“Madami pala talagang pumupunta dito, ’no?” sabi ni Matthew habang inililibot ang tingin sa paligid.

“Mas madaming tao lalo na pag after office hours. Punta tayo sa favorite kong kainan,” yaya ni Martha sa lalaki.

Nagtungo sila sa isang *goto house*.

“Tita Fely!” magiliw na bati ni Martha sa matandang babaeng may hinahalo sa malaking kaldero.

“O, Tata. Buti napabisita ka. Aba, eh, kaguwapo naman niyang kasama mo.”

“Good evening po,” bati rin ng lalaki.

“Siya ba ang boyfriend mo, Tata?” tanong ng matandang lalaking kadarating lamang. Ibinaba nito ang galon ng tubig na buhat-buhat.

“Tito Tony.” Nilapitan ito ni Martha at nagmano rin dito. “Kaibigan ko po si Matthew. Nagkayayaan po kaming kumain sa labas.”

“Maupo na kayo at hahainan ko kayo ng paborito mo.”

“Thank you, Tita,” sagot niya at niyaya nang maupo ang lalaki.

“Kamag-anak mo sila?” tanong ni Matthew nang makahanap sila ng puwesto.

She shook her head. “Kapit-bahay namin sila sa Bacolod dati.”

“Taga-Bacolod ka talaga?” Tumango si Martha. “Talaga?” He looked amazed. “I’ve been there. It’s a wonderful place.”

“Maganda talaga sa Bacolod. Bukod pa sa magaganda ang mga taga-roon.”

“Well, I can see it’s true.”

“Ganda, di ba?” Itinaas niya ng kanang kamay ang ilalim ng kanyang baba.

It made him laugh.

“Mukhang maganda ang usapan ah.”

“Tungkol po talaga sa magaganda ang usapan,” natatawang sabi ni Matthew kay Aling Fely. “Ano po ’yang dala n’yo?” tanong nito ukol sa inilapag na pagkain ng matanda.

“Goto,” sagot ng matandang babae. “Isusunod ko na lang ang iba pang order mo at iyong dessert, Tata, pagkatapos n’yo riyan,” sabi nito sa dalaga bago bumalik sa food stand.

“Masarap ’yan,” ani Martha. “Tikman mo na.”

Sumubo ng isang kutsara si Matthew. Mukhang nagustuhan nito dahil nagsunod-sunod na ito ng subo.

“Bakit ka umalis ng Bacolod?” tanong ng binata, bago sumubo ng dessert nilang *tiramisu*.

“Bagong environment,” tipid niyang sagot.

“I bet you were disappointed when you got here.”

“Hindi naman. Excitement ang naramdaman ko. Saka kasama ko noon ang nanay-nanayan ko kaya hindi ako na-homesick.”

“Nanay-nanayan?”

“I’m an orphan,” pag-amin niya.

“Sorry to hear about that.”

“Bakit naman sorry? I’m lucky to be blessed with a loving Nanay.”

“You’re so positive.”

“Kasi maikli lang ang buhay. Kaya dapat masaya

ka pa rin kahit ano'ng mangyari.” Naalala ni Martha ang iniiyakan ng lalaki. “Malay mo, in the end, kayo pa rin talaga.”

He smiled, but refused to comment on it. “Grabe, ang dami nating nakain. Busog na busog ako.”

“Pahinga lang tayo nang konti ’tapos d’un naman tayo sa mga tusok-tusok.”

“Tusok-tusok?”

“Fishball. Ayaw mo?”

“Hindi, ah. Gusto ko nga ’yun, eh. Pero bayaran muna natin ’to.” Dumukot na ito ng wallet nang akmang bubuksan niya ang bag at binigyan siya ng five-hundred peso bill. “Tell them to keep the change.”

“Bakit?”

“Kasi I was satisfied.”

“Ang galante mo naman.”

“Galante na agad?”

“Kasi may tip pa.” Tumawa si Martha.

They spent the night strolling, eating and exchanging stories. Hindi nila namalayan ang paglipas ng oras. Bumalik sila sa bar para kunin ang

kotse ni Matthew. He insisted on bringing her home.

“Thank you. It was a wonderful night of many firsts,” he said when they reached her condominium building.

Nginitian niya ito. “You’re welcome. Good night na.”

“Mali. Good morning na.”

Napatingin si Martha sa kanyang relo. “Oonga, ’no.”

“Sana may next time pa,” sabi nito.

“Aba. Depende naman ’yan kung hindi busy ang businessman na katulad mo.”

He chuckled. “Hindi mo ba ako tatanggihan if ever yayain uli kita?”

“Yun, eh, kung hindi rin ako busy,” pakipot niya.

“Sasagutin mo ba kung makaka-receive ka ng tawag sa ’kin?”

“Siyempre naman. Ang dami na nating napagkuwentuhan. Hindi pa ba tayo maco-consider as friends?”

“Friends.”

“Good!” nakangising sagot niya. “Ingat ka sa pagda-drive.” Pumasok lang siya nang pinaandar na nito ang sasakyan.

3

“Martha Aguilar,” tawag ng secretary ng doctor sa kanyang pangalan.

Tumayo na siya at sumunod dito papunta sa pinakaloob ng clinic.

“Good morning po, Dr. Manalastas,” bati niya sa cardiologist at naupo sa silya sa harap nito.

“Good morning din,” balik nito sa kanya. “Kumusta naman ang pakiramdam mo today?”

“Okay na okay po,” sagot niya.

“Walang masakit ngayon? Ang dibdib mo, hindi nagsisikip?”

Umiling siya.

“Hindi ka nahihirapag huminga?” Lumipat ang babae ng upuan at pinakinggan ang paghinga niya gamit ang stethoscope.

“Clear naman ang tunog ng lungs mo. Walang wheezes or crackling sound. Hindi ba nanlalabo ang mga paningin mo?”

Umiling siya.

Tumayo na ang doctor at bumalik sa swivel chair nito.

“That’s good.” Inihanda nito ang syringe na gagamitin para sa gamot na ituturok sa kanya. “Kelan ang huling atake ng sakit?”

“Mga two months ago po. ’Yun pong binanggit ko sa inyo last check up.”

“Kahit discomfort lang, wala kang nararamdaman?”

“Minsan po parang nahihilo at parang pagod ako, pero wala naman pong recent episode ng unbearable pain.”

Tumango lang ang babaeng manggagamot. “Alam mo naman ang mga bawal at hindi, di ba?”

Martha nodded.

“Nangako ako sa doctor mo sa Bacolod na ako ang bahala sa iyo habang nandito ka sa Manila. I want you to promise na susunod ka sa instructions namin.”

“Opo, Doc. And sobrang thankful po ako dahil na-bless ako ng doctors na kagaya n’yo.”

“Ready for your shot?”

Itinaas niya ang sleeve sa kaliwang braso at nang matapos sa pagtuturok ay nilagyan nito iyon ng

bulak at plaster. “See you next month. Don’t hesitate to call me or my secretary if you feel any discomfort or pain, okay?”

Having sickle cell anemia was not easy. Pero dinadaan ni Martha sa pagiging masayahin ang lahat. Nagpasalamat siya sa manggagamot at nagpaalam na rito.

Natuwa si Martha nang dumating ang kanyang Ninong Bob sa bar kinagabihan. Lumapit ito sa puwesto niya sa likod ng counter. Agad niyang hinanap ang kanyang Mama Cora. Quarterly kasi ay lumuluwas ang mag-asawa mula sa Bacolod at binibisita siya.

“Hindi nakasama ang Mama Cora mo dahil na-delay iyong delivery ng mga furniture d’un sa bubuksan nating restaurant. Pinapunta niya pa rin ako para kumustahin ang check up mo.” Nagpakasal ang dalawa tatlong taon ang nakakaraan.

“Ninong, ’wag kang maingay. Ayokong marinig ng mga kasama ko ang tungkol d’un. Di ba promise mo sa ’kin hindi mo ipapaalam sa kanila ang tungkol sa sakit ko?” mahinang sabi ni Martha.

Lingid sa kaalaman ni Martha ay ibinilin ng

butihing ginoo sa tauhan nito sa bar na si Johnny na agad dalhin sa doktor ang dalaga kung dadaing ito ng anumang sakit ng dibdib o pagkahilo. Iyon lang ang magagawa nitong paraan upang mapanatag ang kabiyak na si Cora.

Matapos ang maikling kumustahan ay nagpaalam na ang ninong niya na aakyat sa opisina nito sa second floor. Isang malaking suite iyon at doon tumutuloy ang mag-asawa kapag lumuluwas ang mga ito.

Seven years ago ay lumuwas sila ng Mama Cora niya rito sa Maynila. Gusto kasi nito na dito niya ipagpatuloy ang pag-aaral, bukod sa inirekomenda ng doktor niya sa Bacolod na matingnan siya ng kaibigan nitong heart surgeon.

Ang condo unit ng kanyang Mama Cora sa Quezon City ang siyang tinutuluyan niya ngayon. Nakilala naman ng nanay-nanayan ang mayamang negosyanteng si Roberto Clemente at naging mag-business partners ang dalawa. Nakatuwaang tawagin ni Martha na Ninong ang matandang binata, at laging sinasabi rito na ilalakad niya ito sa Mama Cora niya.

Nang tanggapin ng Mama Cora niya ang marriage proposal ng lalaki, nakumbinsi niya ang ina-inahan na bumalik na sa Bacolod. Taga-roon din mga magulang ng kanyang Ninong Bob. Sinabi ni

Martha na gusto rin niyang maging independent at tila naunawaan naman iyon ng babae.

Sa totoo lang ay hindi siya inoobliga ng mag-asawa na magtrabaho, pero sinabi niya sa mga ito na kung hindi siya gagawing empleyado sa resto-bar ng mga ito ay mag-a-apply siya sa iba. Tapos siya ng Management at may maliit siyang online business na kumikita rin naman kahit paano.

Nililibang ni Martha ang sarili. Sabi nga, *you only live once*. Dapat i-enjoy ang buhay. Nag-iingat siya, umiiwas sa mga bawal. Alam niya kung ano ang kayang gawin ng sakit sa kanya.

In-assure niya ang mga guardians na hindi siya nahihirapan sa trabaho niya sa bar. Mababait ang mga empleyado doon. Naalala niya ang usapan nila noon ng Ninong Bob niya bago ikasal ang dalawa.

“Basta, Ninong, ’wag mong pababayaan si Mama Cora sakaling may mangyari sa ’kin, ha?”

Ginulo nito ang buhok niya at napaangal siya. “Tkaw na bata ka, kung ano-ano’ng pinagsasabi mo.”

“Ninong! Magpi-picture pa sa reception, magmumukha akong bruha,” reklamo niya nang muli nitong guluhin ang buhok niya. Matangkad kasi ito kaya madali nitong nagagawa iyon.

Napangiti si Martha sa alaala na hindi niya agad narinig na tinatawag siya ni Luna. Halos kasing-edad niya ito, pero nag-aaral pa. Working student ito at nang tinanong niya kung hindi ito nahihirapan sa pagwi-waitress sa resto-bar ay sinabi ng dalaga na masaya ito sa trabaho roon bukod pa sa malaki ang tip ng mga galanteng customers.

“Friend! Bakit ka ba tulala. Hanap ka ni Mr. Pogi.”

“Sino?”

Ipinaling nito ang mukha niya. “Ayun siya, o,” turo nito sa isang sulok ng bar.

“Sige na, bumalik ka na sa trabaho. Pupuntahan ko na lang siya mamaya. Nand’yan si Ninong. Pakisabi sa iba may meeting kayo bago umuwi.”

“Alam ko na ’yun, girl. Ikaw, hindi mo pa ako kinukuwentuhan tungkol sa date n’yo ni Hot Guy.”

“Naku! Wala akong ikukuwento. Magtrabaho ka na kundi—”

“Ginagamitan mo na ’ko ng posisyon mo ngayon, ha. Nakilala mo lang si Gorgeous Hunk. Di mo naman dating ginagawa iyan.”

Pinindot ni Martha ang intercom sa opisina ng Ninong niya. “Ninong—”

“Eto na, aalis na. Magtatrabaho na.” Umirap si Luna bago naglakad palayo.

Nagpaka-busy si Martha sa bar. Marami rin silang customers nang gabing iyon na hindi siya nakaalis sa puwesto kahit na tatlo na silang bartender. Kasama niya si Lucas at Elizabeth sa likod ng counter.

Nang mapatingin siya sa dako na kinauupuan ni Matthew kanina ay wala na ang lalaki roon. Nakadama siya ng panghihinayang na hindi na sila nagkausap.

Inisip niya kasi na kung gusto talaga siya nitong kausapin, ito ang kusang lalapit sa puwesto niya, hindi iyong uutusan nito si Luna o ang kung sinong empleyado na puntahan niya ito.

Hindi alam ni Martha kung bakit big deal sa kanya na si Matthew ang gumawa ng paraan para magkausap sila. Dati naman ay hindi niya gaanong pinag-iisipan ang mga ganoong hiling mula sa mga nakikipagkaibigan.

Hindi na siya pinasali ng Ninong niya sa meeting at sinabihan siya nitong umuwi na lamang at magpahinga.